ANG DAKILANG PINAKAPUNONG PARI

Hebreo 4:15-5:10

Gabay sa Mensahe
Setyembre 6, 2020

Ang Dakilang Pinakapunong Pari

Mensahe Ngayon (6 Setyembre 2020) / *Hebreo 4:15-5:10*

ANG ATING KALIGTASAN AY GANAP AT SAKDAL NA SA HARAPAN NG DIYOS DAHIL SA KADAKILAAN NG ATING PINAKPUNONG PARI.

Sa nakalipas na pag-aaral natin, nakita natin na si Hesus ay nagbibigay din ng mas higit na kapahingahan sa langit, na siyang pangako Niya sa lahat ng mananalig sa Kanya ng tapat.

Sa mga susunod na kabanata ipapakita naman ng may-akda ng Hebreo na si Hesus ay dakila sa lahat na naging punong-pari ng bayang Israel.

Siya ang dakilang pinaka-punong-pari na nagbibigay ng katapangan sa atin na lumapit sa Kanyang Ama sa langit upang humingi ng habag at biyaya sa oras ng ating pangangailangan.

1. ANG PINAKAPUNONG PARI NA NAGLALAPIT SA ATIN SA DIYOS (4:14-16).

- Mas dakila si Hesus dahil Siya ay ang "pinaka-punong Pari na pumasok sa kalangitan."
- Para sa mga Hudio alam nila ang dinadaanan ng pari patungo sa pinakabanal na lugar sa loob ng templo ng Panginoon sa araw ng "Yom Kippur" minsan sa isang taon — sa panlabas na korte, tapos sa banal na lugar, tapos sa pinakabanal na lugar — pagkatapos nilang mag-alay ng mga kaloob na hayop.
- Gayundin si Kristo ay nagdaan sa mga langit patungo sa tunay na pinakabanal na lugar sa kanang kamay ng Diyos Ama sa langit, at ito ay pagkatapos Niyang ialay ang Kanyang sarili bilang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.

2. ANG PINAKAPUNONG PARI NG MGA ANAK NI AARON (5:1-4).

- Sa mga susunod na talata inilahad ng may akda ang mga hinihinging katangian para sa isang pinakapunong-pari ng mga Israelita.
- Inilahad niya ito upang maging malinaw sa ating lahat na si Hesus ay sadyang higit sa mga

Ang Dakilang Pinakapunong Pari

Mensahe Ngayon (6 Setyembre 2020) / *Hebreo 4:15-5:10*

pinakapunong pari na nagmula sa lahi ni Aaron.

3. ANG PINAKAPUNONG PARI NA ANAK NG DIYOS (5:5-10).

- Ang Kanyang pagiging Anak ng Diyos ay hindi naging hadlang sa Kanyang pagdusa ng kaparusahan ng ating mga kasalanan; bagkus ito ay naging dahilan pa ng Kanyang tagumpay sa hukay.
- Natutunan Niya ang pagsunod sa kalooban ng Diyos sa kanyang pagkatao, kahit na magpakailanman na Siyang masunurin sa Diyos.
- Kinailangan din Niyang sumunod sa lahat ng kalooban ng Ama upang matupad Niya ang ganap ng katuwiran na magpuputong ng kaligtasan sa lahat nang mananampalataya sa Kanya.

PAGTATAPOS

Sa ating pagdiriwang ng banal na hapunan sa hapong ito, alalahanin natin na Siya ang dakilang pinakapunong pari na naglapit sa atin sa trono ng biyaya ng Diyos. Siya ay itinalaga ng Diyos katulad ng mga taong pari sa pagkapari ni Aaron, at katulad din nila, Siya ay may malasakit sa lahat ng mga taong inihaharap Niya sa dambana ng Diyos.

Ngunit Siya ay higit sa kanilang lahat sapagkat Siya ay ang tunay na Anak ng Diyos, at isang Punong Pari na walang sala at walang hanggan. Hindi na Niya kailangang ulit-ulitin pa ang paghahandog ng mga hayop sa dambana ng Diyos, sapagkat inihain na Niya ang Kanyang sariling buhay para sa ipagtutubos ng lahat ng hinirang ng Diyos para sa kaligtasan.

Datapwat ang ating kaligtasan ay ganap at sakdal na sa harapan ng Diyos dahil sa kadakilaan ng ating pinakpunong pari. Hindi mawawala. Tiyak na atin na. Ipagdiwang natin ito araw-araw sa ating pagsunod sa Kanyan kung paano din Siya sumunod sa Ama ■

The Shepherd's *Voice*

by Pastor Larry Pabiona

THE GCF FAMILY'S HOUR OF PRAYER

We invite you all to join us every Thursday at 8:00-9:00 p.m., for the GCF Family's Hour of Prayer. It is a post-prandial prayer time that is quite different from most prayer meetings you attended before. First, it is purely online, conducted over Zoom because of the lockdown. But that's expected. What might be new for you is that we spend most of that hour in silence, broken only by my announcing the categories to pray for and then the summary prayer for each category. I will not tell you more than that in the hope that your curiosity prods you to join us this coming Thursday, right after your dinner, and just before bedtime. I promise you, that learning to pray in silence together with many of the GCF flock will be one of the most rewarding experiences you will go through. We will post the Zoom link and password online by Viber and Facebook. See you Thursday!

WILL TODAY'S COMMUNION BE OUR LAST ONLINE COMMUNION?

Without imposing anything, I just wish to express to you all my fervent prayer that our Communion today, which as you know we do every first Sunday, and which has been online since the lockdown, will be the last online communion we will do. Why? Because I am praying that whether at 10% or 50% of Auditorium B's capacity, by the first Sunday of October, October 4, we will already be allowing even just a trickle of GCFers to start worshiping with us. But this is just a prayer. We don't want to start too soon and cause people to get infected, or start too late and give the impression we're not enthusiastic about resuming live worship. Will you please join me in this fervent petition before God?

REMEMBER THE BEREAVED AMONG US

We are praying for God's comfort for the families of two of our faithful ministry servants (formerly "volunteers") as the head of each home went home to the Lord. We are referring to the San Jose family of usher Nesty San Jose, and the Armonio family of Deacon Norman Armonio. Nesty and Norman had completed their ministries before God, and are now with the One they served and loved. They are in the midst of eternal joy, but their families and friends miss them. Pray for the San Jose and Armonio families please.

THANK YOU FOR YOUR FAITHFULNESS IN STEWARDSHIP

We take this opportunity to thank you all for your faithfulness in supporting the finances of the church through your offerings. What amazes us, is that despite the lower total offering, our expenses have also gone down considerably so that our bottom line and cash flow remain positive. Some of you have even gone to the extent of physically going to GCF and dropping your offering in the metal box near the lobby guard. You are amazing people! The Lord knows who you are, and may He return many times over in His perfect way and time the love you have shown for His church and ministry! ■

THE CHURCH ONLINE

BELONGING: CREATING SPACE FOR CONTEMPLATION
Setyembre 9 (Miyerkules), 6:30 n.g., sa GCF Facebook Page

REMINDERS OF GOD'S CARE AND FAITHFULNESS
Lunes at Biyernes, 7:00 n.g., sa GCF Facebook Page

LIVEstream (GCF Youth LIVE Worship)
Sabado, 5:00 n.h.. sa youtube.com/user/gcfyouthlive

KIDS' L.I.F.E. ONLINE SUNDAY SCHOOL
Ina-upload tuwing Linggo, 1:00 n.h. sa youtube.com/user/gcfmain

PAGSAMBA SA PAGBIBIGAY

Upang makapagbigay sa mga panahong ito, maaaring gawin ang anuman sa sumusunod:

BANK DEPOSIT O TRANSFER
Account Name: Greenhills Christian Fellowship, Inc.

- **BDO** (BDO Corporate Center Branch)
  Savings Account 000661590216
- **China Bank** (Ortigas ADB Branch)
  Savings Account 1112-02006218
- **UnionBank** (UB Plaza Branch)
  Checking Account 0005-9001-0426
- **Robinsons Bank** (Main Office Branch)
  Savings Account 1000-3010-0017-355
- **Metrobank** (Ortigas Sapphire Branch)
  Savings Account 629-3-62919733-9

- **GCash (L) and PayMaya (R)**
  (i-scan ang QR code sa ibaba)

CREDIT/DEBIT CARD THROUGH PAYPAL
Pumunta sa www.gcf.org.ph/give para sa detalye.

Mangyaring mag-email ng kopya ng inyong transaction document sa finance@gcf.org.ph upang ma-record ang inyong pagbibigay at makapaghanda ng resibo.

COVID-19 EMERGENCY RESPONSE EFFORTS
Maaari ninyo ring italaga ang inyong pagbibigay sa ating relief efforts para sa mga frontliners at iba pang lubhang naaapektuhan ng krisis. Ilagay lamang sa subject ng inyong email ang "For COVID-19 fund" ■

Greenhills Christian Fellowship
Know Christ and Make Him Known
Ruby cor. Garnet Roads, Ortigas Center, Pasig City, 1605
(02) 8632 1354 to 56, (02) 8635 0078 to 80, (02) 8635 0082 to 83
Fax No. (02) 8632 1357, Monday to Friday, 9:00 a.m. to 6:00 p.m.
email@gcf.org.ph gcf.org.ph Greenhills Christian Fellowship